


# Araling Panlipunan

## Ikatlong Markahan – Modyul 6: Ang Pagwawakas ng Imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya



**Araling Panlipunan – Ikapitong Baitang  
Alternative Delivery Mode  
Ikatlong Markahan – Modyul 6: Ang Pagwawakas ng Imperyalismo sa Timog at  
Kanlurang Asya**

**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Merry Queen M. Galvez  
**Editor:** Enrile O. Abrigo Jr., Jim Paul M. Belgado  
**Tagasuri:** Zenon M. Oblan  
**Tagaguhit:** Alberto F. Rivera, Karl Gabriel G. Buenafe  
**Tagalapat:** Liezl O. Arosio, Melanie Mae N. Moreno  
**Tagapamahala:** Dr. Benjamin D. Paragas  
Mariflor B. Musa  
Dr. Melbert S. Broquesa  
Danilo C. Padilla  
Dr. Freddie Rey R. Ramirez  
Dr. Cyril C. Serador  
Ronald S. Brillantes  
Marites L. Arenio  
Eva Joyce C. Presto  
Rhea Ann A. Navila

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – Region IV-B MIMAROPA**

Office Address: Meralco Avenue corner St. Paul Road, Pasig City  
Telefax: (02) 631-4070; 637-3093; 637-31-39  
Email Address: region4b@deped.gov.ph

# **Araling Panlipunan**

## **Ikatlong Markahan – Modyul 6: Ang Pagwawakas ng Imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## **Alamin**

### **Halina't simulan natin!**

Sa pagkakataong ito, pag-aaralan mo ang naging reaksiyon o tugon ng mga Asyano sa mga patakarang ipinatupad ng mga dayuhan sa mga bansa ng Timog at Kanlurang Asya. Ito ay ang kanilang pagpapakita ng nasyonalismo na nakatuon laban sa mga Kanluranin. Marahil ay naitatanong mo sa iyong sarili: *Sa ano-anong pamamaraan pinakita ng mga tao sa Timog at Kanlurang Asya ang kanilang Nasyonalismo? “Nakaapekto ba sa mga tao at paglaya ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya ang pagpapakita ng nasyonalismo?”* Maipaliliwanag ang kasagutan sa mga katanungang ito sa susunod mong gawain.

Sa pagtatapos ng modyul na ito, inaasahan sa iyo ang sumusunod:

1. Naibibigay ang kahulugan ng Nasyonalismo bilang pamamaraan sa paghahangad ng kalayaan at pagsasarili;
2. Nasusuri at naiisa-isa ang bahaging ginagampanan ng nasyonalismo sa pagbibigay-wakas sa imperyalismo sa Asya; at
3. Nakagagawa ng islogan na naglalarawan ng pagpapahalaga sa pagwakas ng imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya.

Ang pagkamit mo sa mga layuning nabanggit sa itaas ay magiging tulay upang tiyak na matutuhan mo ang sumusunod na pamantayan at kasanayan.

### **PAMANTAYANG PANGNILALAMAN (Content Standard)**


Ang mga mag-aaral ay naipamamalas ang pang-unawa sa pagbabago, pag-unlad at pagpapatuloy sa Timog at Kanlurang Asya sa Transisyonal at Makabagong Panahon (ika-16 hanggang ika-20 siglo).

### **PAMANTAYAN SA PAGGAWA (Performance Standard)**

Ang mga mag-aaral ay nakapagsasagawa ng kritikal na pagsusuri sa pagbabago, pag-unlad at pagpapatuloy sa Timog at Kanlurang Asya sa Transisyonal at Makabagong Panahon (ika-16 hanggang ika-20 siglo).

### **PAMANTAYANG PAMPAGKATUTO (Most Essential Learning Competency)**

- Napahahalagahan ang bahaging ginagampanan ng nasyonalismo sa pagbibigay wakas sa imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya. **(Linggo 6)**



## **Subukin**

**Panuto:** Unawain ang mga katanungan at piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

1. Tumutukoy ito sa pagmamahal at katapatan sa sariling bayan o bansa, isang damdamin na naghahangad ng pambansang kaunlaran at kasarinlan.  
A. Kolonyalismo  
B. Imperyalismo  
C. Nasyonalismo  
D. Ahimsa
2. Ano ang tawag sa isang pangyayari na kung saan naganap ang pamamaril ng mga sundalong Ingles sa grupo ng mga Indian sa isang selebrasyong Hindu noong Abril 13, 1919?  
A. *Amritsar Massacre*  
B. *Muslim League*  
C. *Sepoy Mutiny*  
D. *Zionism*
3. Kailan natamo ng India ang kalayaan mula sa kamay ng mga Ingles?  
A. Agosto 15, 1947  
B. Agosto 10, 1947  
C. Agosto 16, 1946  
D. Agosto 10, 1946
4. Ano ang naging dahilan upang unti-unting magkaroon ng kamalayan at kaisahan ang mga Indian?  
A. Nang maging malaya ang mga Ingles  
B. Nang masakop ng mga Ingles ang India  
C. Nang naisin nila  
D. Nang matapos ang digmaan
5. Ano ang tawag sa pangyayaring naganap sa mga Jew mula sa iba't ibang panig ng daigdig na kung saan sila ay umuwi sa Palestine upang muli nilang pag-aralan ang kanilang wika at buhayin ang sariling kultura ?  
A. *Indian National League*  
B. *Sepoy mutiny*  
C. *Zionism*  
D. *Holocaust*
6. Nagkaroon ng hiwalay na pagkilos ang mga Indian dahil sa kanilang magkakaibang pananampalataya. Ano ang samahang binuo ng mga propesyunal na Hindu na ang layunin ay makamtan ang kalayaan ng India?  
A. *Zionism*  
B. *Muslim League*  
C. *Indian National Congress*  
D. *Amritsar massacre*
7. Siya ay isang Ingles na nanguna at gumabay sa pagtatag ng *Indian National Congress* upang makalaya ang India sa mga Ingles noong 1884-1885?  
A. Allan Octavian Hume  
B. Salman Rushdie  
C. Mustafa Kemal Ataturk  
D. Ibn Saud

8. Ang layunin ng samahan na ito ay ang magkaroon ng hiwalay na estado para sa mga Muslim na pinamunuan ni Mohamed Ali Jinnah?
  - A. *State League*
  - B. *Muslim League*
  - C. *Jinnah League*
  - D. *System League*
9. Ang pangyayaring abolisyon ng *suttee o sati* at *female infanticide* o pagpatay ng mga batang babae noong 1857, ay nagpatindi sa alitan ng mga Indian laban sa mga Ingles, ano ang tawag dito?
  - A. *Sepoy mutiny*
  - B. *Muslim league*
  - C. *Amritsar massacre*
  - D. *Zionism*
10. Sino ang nanguna sa pagtatag ng *Muslim League* noong 1905 na nagsusulong sa interes ng mga Muslim?
  - A. Mohamed Ali Jinnah
  - B. Mohandas Gandhi
  - C. Allan Hume
  - D. Jawaharlal Nehru
11. Sino ang kauna-unahang punong ministro ng India nang matamo nito ang kalayaan mula sa mga Ingles?
  - A. Ali Jinnah
  - B. Allan Hume
  - C. Jawaharlal Nehru
  - D. Mahatma Gandhi
12. Anong mga bansa sa Kanlurang Asya ang mapayapang nakamtan ang kanilang kalayaan mula sa Imperyong Ottoman noong 1770?
  - A. Armenia at Saudi Arabia
  - B. Lebanon at Egypt
  - C. India at Syria
  - D. Egypt at Pakistan
13. Ito ay hango sa relihiyong Jainism na nangangahulugang "hindi paggamit ng dahas" o "*non-violence*", ano ang tawag dito?
  - A. *Pilgrimage*
  - B. Sati
  - C. Ahimsa
  - D. *Hunger Strike*
14. Sila ang mga sundalong Hindu sa hukbong kolonyal ng Inglatera sa India na naghimagsik noong 1857; mga sundalo na lumalaban para sa sariling karapatan kasama ang adhikaing sa tingin nila ay tama at makakabuti sa marami.
  - A. Sepoy
  - B. Mandirigma
  - C. Militar
  - D. Kawal
15. Ano ang tawag sa sistematiko at malawakang pagpatay ng mga German Nazi sa mga Jew?
  - A. *Zionism*
  - B. *Holocaust*
  - C. *Sepoy mutiny*
  - D. *Jew massacre*

## Aralin

# 1

## Ang Pagwawakas ng Imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya

Nabanggit sa nakaraang aralin ang epekto ng imperyalismo sa Asya. Natatandaan mo ba ang mga ito? Halika na, sagutin mo ang mga gawain!



### **Balikan**

#### **Gawain 1: Suriin Mo**

**Panuto:** Suriin ang mga pahayag na nasa ibaba, isulat sa sagutang papel ang salitang **TAMA** kung tama ang nasa pahayag, **MALI** naman kung ito ay walang katotohanan.

- \_\_\_\_\_ 1. Ang Asya ay naging pamilihan ng mga hilaw na materyales at pamilihan ng produktong Kanluranin.
- \_\_\_\_\_ 2. Umusbong ang mga kolonyal na lungsod sa Asya sa pagwawakas ng pananakop ng mga Kanluranin.
- \_\_\_\_\_ 3. Nawalan ng karapatan ang mga Asyano na pamahalaan ang sarili.
- \_\_\_\_\_ 4. Hindi umunlad ang sistema ng transportasyon at komunikasyon sa pagluwas ng mga produkto sa pandaigdigang pamilihan.
- \_\_\_\_\_ 5. Mabuti ang naging epekto ng pananakop sa mga Kanluraning bansa.



#### **Mga Tala para sa Guro**

Naglalaman ang modyul na ito ng mungkahing gawain upang malinang ang kakayahan at kasanayan ng mga mag-aaral.

Kinapapalooban ito ng iba't ibang estratehiya tulad ng suri-larawan, pagsulat ng sanaysay at repleksyon, paggawa ng Data retrieval chart, paggawa ng islogan at atbp. Ang bawat gawain sa isang aralin ay nakabatay sa tatlong araw na sesyon. Iminumungkahi na pagyamanin pa ng guro ang mga mungkahing gawain at estratehiya batay sa interes at kakayahan ng mga mag-aaral.





## Tuklasin

Gusto mo bang malaman at matutuhan ang mga pangyayaring nagbigay-daan sa pagwakas ng imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya ?

Halika! Subukan mo ang mga gawain.

### Gawain 1: Ayos-Salita

**Panuto:** Isaayos ang mga nakagulong titik upang mabuo ang tamang salita, isulat ito sa sagutang papel.

1. YOSANOMLISNA - \_\_\_\_\_
2. IMHASA - \_\_\_\_\_
3. OMSLIAYPERIM - \_\_\_\_\_
4. SARTIRMA ERCSASMA - \_\_\_\_\_
5. POYSE NYMUIT - \_\_\_\_\_

1. Ano-ano ang salitang iyong nabuo?
2. Sa mga nabuong salita, bigyan ng maikling kahulugan ang mga ito base sa iyong sariling pang-unawa.



## Suriin

### NASYONALISMO

Ang nasyonalismo ay isang kamalayan ng pagiging kabilang sa isang nasyon na may iisang lahi, kasaysayan, kultura, wika, at pagpapahalaga. Sa Asya, ang nasyonalismo ay nagsilbing isang matibay na reaksiyon laban sa imperyalismo at kolonyalismong dumating sa iba't ibang panig ng rehiyon nito. Ang Pagmamahal at katapatan sa sariling bayan o bansa ay tinatawag na nasyonalismo. Ang nasyonalismo din ay isang damdamin na naghahangad ng pambansang kaunlaran at kasarinlan. Isinaalang-alang nito ang kapakanan ng bansa. Sa pampulitikang pananaw, nangangahulugan ito ng kusang pagkilos laban sa anumang banta ng pananakop maging sa pangkabuhayan, pampulitika, at pangkultura. Mahalaga ang damdaming ito sa pagpapanatili ng katatagan ng isang bansa o estado. Ang nasyonalismo ay isa sa mga katangian ng kanluraning daigdig noong ika-19 na dantaon. Ang damdaming ito ay nakalikha ng pambansang pagkakaisa, kalayaan, at pagsulong. Ang damdamin

ding ito ang naging pangunahing dahilan ng mga pandaigdigang himagsikan – ang Una at Ikalawang Digmaan.

Kung tutuusin, nailalahad ito sa mga karanasan nina Gandhi, Sun Yat-Sen, Dr. Jose Rizal at maging ni Andres Bonifacio. Bukod sa kanila, sina Kemal Atatürk ng Turkey, Reza Pahlavi ng Iran, at Chulalongkorn ng Thailand ay nagsulong din ng nasyonalismo sa kanilang mga bansa sa panahon na may matindi banta sa kanilang mga lugar. Ang mga ito ay halimbawa ng nasyonalismo na lumitaw bunga ng kolonyalismo at imperyalismo bilang tugon nating mga Asyano. Maraming anyo ang nasyonalismo. Bawat bansa ay may pamamaraan upang maipakita ito sa pamamagitan ng sama-samang pagkilos ng mga taong naaapi.

### Timog Asya

Nang matagumpay na masakop ng mga English ang India, ito na rin ang dahilan upang unti-unti ay magkaroon ng kamulatan at kaisahan ang mga Indian. Sa kabila ng maraming wika at iba't ibang pananampalataya, nagkaisa sila laban sa mga English na naging sagabal sa kanilang pag-unlad at pagbubuo ng isang malayang bansa.



India

*Sepoy Mutiny.* Naganap noong 1857 dahil sa mga naturang pangyayari tulad ng:

- a. abolisyon ng suttee o sati at female infanticide o pagpatay ng mga batang babae.
- b. malalim ang pagkakaiba ng mg Ingles sa lahi, kulay, kaugalian, at relihiyon sanhi ng hindi pagkakaunawaan.


**(Pinagkunan:** <http://www.google.com/Skagit.instructure,>  
"sepoy mutiny" Accessed June 17, 2020)

Ito ang unang mahalagang pangyayari na nagpatindi sa alitan ng mga Indian laban sa mga English. Ang mga Sepoy ay mga sundalong Hindu mula sa hukbong kolonyal ng Inglatera sa India na naghimagsik noong 1857. Mga sundalo na lumaban para sa sariling karapatan kasama ang adhikaing sa tingin nila ay tama at makabubuti sa marami.

*Amritsar Massacre.* Isang mahalagang pangyayari na nagpatindi sa alitan ng Ingles at Indian. Ang pamamaril ng mga sundalong Ingles sa grupo ng mga Indian sa isang selebrasyong Hindu noong Abril 13, 1919 na kung saan 400 Indian ang namatay at 1200 Indian ang nasugatan. Kapwa bumuo ng sariling samahan ang Hindu at Muslim.

## Hindu

*Indian National Congress*. Nagkaroon ng hiwalay na pagkilos ang mga Indian dahil sa kanilang magkakaibang pananampalataya. Ito ay sa pangunguna at paggabay ng Ingles na si Allan Octavian Hume noong 1884-1885. Binuo ng mga propesyonal na Hindu na ang layunin ay makamtan ang kalayaan ng India.



(Pinagkunan: <http://www.google.com/Thefamouspeople>, "Allan Octavian Hume" Accessed June 17, 2020.)

**Allan Octavian Hume** - isang Ingles na nanguna sa pagtatag ng Indian National Congress noong 1884-1885.



(Pinagkunan: <http://www.google.com/En.wikipedia>, "Muslim League" Accessed June 17, 2020.)

**Muslim League** - Itinatag noong 1905 sa pamumuno ni Mohamed Ali Jinnah kung saan ang interes ng mga Muslim ang binigyang pansin. Layunin nito na magkaroon ng hiwalay na estado para sa mga Muslim.



(Pinagkunan: <http://www.google.com/Onthisday>, "Mohandas Gandhi" Accessed June 17, 2020.)

**Mohandas Gandhi** - isa siyang Hindu na nakapagaral sa isang Unibersidad sa Inglatera at nagtrabaho sa South Africa. Ipinaglaban niya ang hinaing ng mga Indian. Ang pakikibaka niya para sa kalayaan ng India ay sa pamamagitan ng mapayapang paraan o *nonviolent means* na sa relihiyon nila ay tinawag na *ahimsa*-hango sa relihiyong Jainism, ito ay nangangahulugang "hindi paggamit ng dahas" o "*non-violence*".

Siya ang nagbigay ng gabay at inspirasyon sa mga mamamayan. Tiningala siya ng mga Indian at tinawag siyang Mahatma o *Great Soul*.

Enero 30, 1948 - binaril si Mohandas Gandhi ng isang panatikong Hindu na tumutol sa hangarin na mapag-isa ang mga Hindu at Muslim sa isang bansa.



Si **Jawaharlal Nehru** ay ang unang Punong Ministro ng India at isang sentral na pigura sa pulitika ng India bago at pagkatapos ng kalayaan.

Agosto 15, 1947 natamo ng Indian ang kalayaan nang ideklara ng mga Ingles ang Republika ng India (Indian Republic) sa pamumuno ni Jawaharlal Nehru.

(Pinagkunan: <http://www.google.com/Sadbhavana>, "Jawaharlal Nehru" Accessed June 17, 2020.)

### Kanlurang Asya

(bago dumating ang ika-20 na siglo)

Ang Nasyonalismo sa Kanlurang Asya ay pinasimulan ng mga Arabo, Iranian at mga Turko bago pa man ang Unang Digmaang Pandaigdig.

Naitatag ang pamahalaan ng Kuwait noong 1759. Ang Lebanon at Egypt ay mapayapang nakamtan ang kanilang kalayaan mula sa Imperyong Ottoman noong 1770.

Mula 1894-1897, ang mga Armenian ay nagtangkang magtatag ng isang malayang

### Kanlurang Asya

(pagdating ng ika-20 na siglo)

Nagtagumpay ang Lebanon na makahiwalay sa Syria at tuluyang naging isang Republika noong 1926. Subalit nanatili itong nasa mandato ng France. Noong 1932, ang Iraq na dating hawak ng England bilang isang protektorado, ay naging isang monarkiya. Nagkaisa ang mga Arabo at bumuo ng sariling pamahalaan na nagbigay-daan sa paglaya ng mga dating kolonva ng mga Europeo sa

Ang mga Jew o Israellite ay sumailalim sa nakasisindak na holocaust sa Europa-malawakang pagpatay ng mga Nazi German sa mga Jew o Israelites.



**Zionism** - tumutukoy sa pag-uwi sa lupain ng Palestine ng mga Jews mula sa iba't ibang panig ng daigdig.

Muli nilang pinag-aralan ang kanilang wika at binuhay ang kultura upang subukang talikdan ang mga impluwensiya ng kolonyalismo na natutunan nila noong sila ay


nasa iba't ibang panig ng Europa.

(Pinagkunan: <http://www.google.com/Sadbhavana>, "Zionism" Accessed June 17, 2020)

Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang kahulugan ng nasyonalismo?
2. Naging mahalaga ba ang papel na ginampanan ni Mohandas Gandhi sa kasaysayan ng India? Bakit siya tinawag na Mahatma?
3. Nakabuti ba ang pagbabalik ng mga Jew o Israelite sa kanilang lupain?

(**Pinagkunan:** Grace Estela C. Mateo, et al., *Asya: "Pag-usbong ng Kabihasnán"*. G. Araneta Avenue Quezon City: DepEd, Vibal Publishing House, Inc, 2008, 312-315.)



## ***Pagyamanin***

### **Gawain 1: Titik-punan Mo**

**Panuto:** Punan ang nawawalang titik upang maibigay ang tamang sagot at isulat sa iyong sagutang papel.

1. \_\_\_ I \_\_\_ NI \_\_\_ M

Ang pag-uwi sa lupain ng Palestine ng mga Jew mula sa iba't ibang panig ng daigdig.

2. \_\_\_ H \_\_\_ MS \_\_\_

Ito ay nangangahulugang "hindi paggamit ng dahas" o "non-violence".

3. N \_\_\_ SY \_\_\_ NA \_\_\_ IS \_\_\_ O

Nangangahulugan ng pagmamahal sa bayan

4. M \_\_\_ S \_\_\_ I M L \_\_\_ AG \_\_\_

Layunin nito na mgakaroon ng hiwalay na estado para sa mga Muslim

5. A \_\_\_ RI \_\_\_ S \_\_\_ R MA \_\_\_ S \_\_\_ C \_\_\_ E

Pangyayari na nagpatindi sa alitan ng English at Indian noong Abril 13, 1919.

## Gawain 2: Data Retrieval Chart

**Panuto:** Lagyan ng wastong impormasyon ang sumusunod na bahagi ng data retrieval chart. Gawin ito sa isang buong papel.

	Timog Asya	Kanlurang Asya
Samahang Itinatag		
Mga Nanguna		
Layunin		

Pamprosesong Tanong:

1. Ano-ano ang dahilan ng pagpapakita ng nasyonalismo ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya upang matamo ang kalayaan?
2. Alin sa mga naging tugon ng mga bansa ang mas naging mabisa sa pagpapakita ng nasyonalismo at pagkamtan ng kalayaan?
3. Sumasang-ayon ka ba sa ginawa ng mga Asyano na ipagtanggol ang dapat ay para sa kanila? Bakit? Ipaliwanag.

## Gawain 3: Tama o Mali

**Panuto:** Basahin ang mga pangungusap at isulat sa sagutang papel ang **TAMA** kung ang pahayag ay may katotohanan at **MALI** naman kung ito ay walang katotohanan.

- \_\_\_\_\_ 1. Si Mohandas Ghandi ay nagsilbing gabay at inspirasyon sa mga mamamayan ng India, kinilala siya ng mga Indian at tinawag na *Mahatma o Great Soul*.
- \_\_\_\_\_ 2. Ang Nasyonalismo sa Kanlurang Asya ay pinasimulan ng mga Arabo, Iranian at mga Turko bago pa man magkaroon ng Unang Digmaang Pandaigdig.
- \_\_\_\_\_ 3. Nagkaroon ng hiwalay na pagkilos ang mga Indian dahil sa kanilang magkakaibang pananampalataya sa pangunguna at paggabay ni Jawaharlal Nehru.
- \_\_\_\_\_ 4. Ang *Sepoy Mutiny* ang unang mahalagang pangyayari na nagpatindi sa alitan ng mga Indian laban sa mga English.
- \_\_\_\_\_ 5. Hindi nagtagumpay ang Lebanon na makahiwalay sa Syria at tuluyang naging isang Republika noong 1926.




## Isaisip

### Gawain: I-sanaysay Mo

**Panuto:** Sumulat ng maikling sanaysay patungkol sa kahalagahan ng pagpapahalaga at pagmamahal sa bansa. Ipaliwanag kung paano mo maipamamalas ang pagpapahalaga at pagmamahal sa sariling bansa. Isulat ito sa isang buong papel.

<b>Rubrik sa Pagmamarka</b>			
<b>Pamantayan</b>	<b>5</b>	<b>4</b>	<b>3</b>
Nilalaman	Napakalinaw at maayos ang nilalaman	Malinaw at maayos ang nilalaman	Di-masyadong malinaw ang nilalaman
Organisasyon	Talagang wasto ang pag-organisa ng mga ideya	Wasto ang pag-organisa ng mga ideya	Di-masyadong wasto ang pag-organisa ng mga ideya
Pagkamalikhain	Lubos na nagpakita ng pagkamalikhain sa isinulat na sanaysay.	Nagpakita ng pagkamalikhain sa isinulat na sanaysay.	Di- masyadong nagpakita ng pagkamalikhain sa isinulat na sanaysay.
<b>Kabuuan</b>	15 Puntos		




## Isagawa

### Gawain: I-islogan Mo

**Panuto:** Gumawa ng islogan na naglalarawan o nagpapakita ng pagmamahal at pagpapahalaga sa sariling bayan. Gawin ito sa isang buong papel.

<b>Rubrik sa Pagmamarka</b>			
<b>Pamantayan</b>	<b>5</b>	<b>4</b>	<b>3</b>
Nilalaman	Napakalinaw at maayos ang nilalaman	Malinaw at maayos ang nilalaman	Di-masyadong malinaw ang nilalaman
Organisasyon	Talagang wasto ang pag-organisa ng mga ideya	Wasto ang pag-organisa ng mga ideya	Di-masyadong wasto ang pag-organisa ng mga ideya
Pagkamalikhain	Lubos na nagpakita ng pagkamalikhain sa ginawang islogan	Nagpakita ng pagkamalikhain sa ginawang islogan	Di-masyadong nagpakita ng pagkamalikhain sa ginawang islogan
<b>Kabuuan</b>	15 Puntos		



## **Tayahin**

**Panuto:** Unawain ang mga katanungan at piliin ang titik ng tamang sagot. Gawin mo ito sa iyong sagutang papel.

- Ano ang tawag sa sistematiko at malawakang pagpatay ng mga German Nazi sa mga Jew?
 

A. <i>Zionism</i>	C. <i>Sepoy mutiny</i>
B. <i>Holocaust</i>	D. <i>Jew massacre</i>
- Sila ang mga sundalong Hindu sa hukbong kolonyal ng Inglatera sa India na naghimagsik noong 1857; mga sundalo na lumalaban para sa sariling karapatan kasama ang adhikaing sa tingin nila ay tama at makakabuti sa marami.
 

A. <i>Sepoy</i>	C. <i>Militar</i>
B. <i>Mandirigma</i>	D. <i>Kawal</i>
- Ito ay hango sa relihiyong Jainism na nangangahulugang "hindi paggamit ng dahas" o "non-violence", ano ang tawag dito?
 

A. <i>Pilgrimage</i>	C. <i>Ahimsa</i>
B. <i>Sati</i>	D. <i>Hunger Strike</i>
- Anong mga bansa sa Kanlurang Asya ang mapayapang nakamtan ang kanilang kalayaan mula sa Imperyong Ottoman noong 1770?
 

A. <i>Armenia at Saudi Arabia</i>	C. <i>India at Syria</i>
B. <i>Lebanon at Egypt</i>	D. <i>Egypt at Pakistan</i>
- Sino ang kauna-unahang punong ministro ng India nang matamo nito ang kalayaan mula sa mga Ingles?
 

A. <i>Ali Jinnah</i>	C. <i>Jawaharlal Nehru</i>
B. <i>Allan Hume</i>	D. <i>Mahatma Gandhi</i>



6. Sino ang nanguna sa pagtatag ng *Muslim League* noong 1905 na kung saan ang interes ng mga Muslim ang binigyang pansin?
- A. Mohamed Ali Jinnah  
B. Mohandas Gandhi  
C. Allan Hume  
D. Jawaharlal Nehru
7. Naganap ito noong 1857 dahil sa mga naturang pangyayari tulad ng abolisyon ng *suttee o sati* at *female infanticide* o pagpatay ng mga batang babae, ito ang unang pangyayari na nagpatindi sa alitan ng mga Indian laban sa mga Ingles, ano ang tawag dito?
- A. *Sepoy mutiny*  
B. *Muslim league*  
C. *Amritsar massacre*  
D. *Zionism*
8. Ang layunin ng samahan na ito ay ang magkaroon ng hiwalay na estado para sa mga Muslim. Ano ang samahang ito na pinamunuan ni Mohamed Ali Jinnah?
- A. *State League*  
B. *Muslim League*  
C. *Jinnah League*  
D. *System League*
9. Siya ay isang Ingles na nanguna at gumabay sa pagtatag ng *Indian National Congress* upang makalaya ang India sa mga Ingles noong 1884-1885?
- A. Allan Hume  
B. Salman Rushdie  
C. Mustafa Kemal Ataturk  
D. Ibn Saud
10. Nagkaroon ng hiwalay na pagkilos ang mga Indian dahil sa kanilang magkakaibang pananampalataya. Ano ang binuo ng mga propesyunal na Hindu na ang layunin ay makamtan ang kalayaan ng India?
- A. *Zionism*  
B. *Muslim League*  
C. *Indian National Congress*  
D. *Amritsar massacre*
11. Ano ang tawag sa pangyayaring naganap sa mga Jew mula sa iba't ibang panig ng daigdig na kung saan sila ay umuwi sa Palestine upang muli nilang pag-aralan ang kanilang wika at buhayin ang sariling kultura?
- A. *Indian National League*  
B. *Sepoy mutiny*  
C. *Zionism*  
D. *Holocaust*
12. Ano naging dahilan upang unti-unting magkaroon ng kamalayan at kaisahan ang mga Indian?
- A. Nang maging malaya ang mga Ingles  
B. Nang masakop ng mga Ingles ang India  
C. Nang naisin nila  
D. Nang matapos ang digmaan
13. Kailan natamo ng India ang kalayaan mula sa kamay ng mga Ingles?
- A. Agosto 15, 1947  
B. Agosto 10, 1947  
C. Agosto 16, 1946  
D. Agosto 10, 1946

14. Ano ang tawag sa isang pangyayari na kung saan naganap ang pamamaril ng mga sundalong Ingles sa grupo ng mga Indian sa isang selebrasyong indu noong Abril 13, 1919?


- A. Amritsar Massacre
- B. Muslim League

- C. Sepoy Mutiny
- D. Zionism

15. Tumutukoy ito sa pagmamahal at katapatan sa sariling bayan o bansa, isang damdamin na naghahangad ng pambansang kaunlaran at kasarinlan.

- A. Kolonyalismo
- B. Imperyalismo

- C. Nasyonalismo
- D. Ahimsa




## Karagdagang Gawain

### Gawain: I-collage Mo

**Panuto:** Magsaliksik ng dalawang personalidad na taga- Timog Asya at dalawa din sa Kanlurang Asya na naging instrumento sa pagbabago sa kanilang bansa sa kasalukuyang panahon. Humanap ka ng mga larawan at ng kanilang mga inilunsad na gawaing naging instrumento sa pagbabago. Ipakita ito sa pamamagitan ng isang *picture collage*. Gawin mo ito sa isang buong papel. Kinakailangang magpakita ito ng sumusunod:

<b>Rubrik sa Pagmamarka ng Collage</b>			
<b>Pamantayan</b>	<b>5</b>	<b>4</b>	<b>3</b>
<b>Nilalaman</b>	Napakalinaw at maayos ang nilalaman	Malinaw at maayos ang nilalaman	Di- masyadong malinaw ang nilalaman
<b>Organisasyon</b>	Talagang wasto ang pag-organisa ng mga ideya	Wasto ang pag-organisa ng mga ideya	Di-masyadong wasto ang pag-organisa ng mga ideya
<b>Pagkamalikhain</b>	Lubos na nagpakita ng pagkamalikhain sa kaniyang collage.	Nagpakita ng pagkamalikhain sa kaniyang collage.	Di- masyadong nagpakita ng pagkamalikhain sa kaniyang collage.
<b>Kabuuan</b>	15 Puntos		



## Susi sa Pagwawasto

<b>SUBURIN</b>	1. C
	2. A
	3. A
	4. B
	5. C
	6. C
	7. A
	8. B
	9. A
	10. A
	11. C
	12. B
	13. C
	14. A
	15. B

<b>TAVAHIN</b>	1. B
	2. A
	3. C
	4. B
	5. C
	6. A
	7. A
	8. B
	9. A
	10. C
	11. C
	12. B
	13. A
	14. A
	15. C

<b>PAGYAMANIN</b>	Gawain 1 Tirik-Punan Moi
	1. Zionism
	2. Ahimsa
	3. Nasyonalismo
	4. Muslim League
	5. Amritsar
	Massacre
	Gawain 3:
	1. Tama
	2. Tama
	3. Mali
	4. Tama
	5. Mali

<b>BALIKAN</b>	1. Tama
	2. Tama
	3. Tama
	4. Mali
	5. Mali
<b>TUKLASIN</b>	1. Nasyonalismo
	2. Ahimsa
	3. Imperyalismo
	4. Amritsar
	5. Sepoy Mutiny

# **Sanggunian**

## **Aklat**

Mateo, Grace Estela C., Ricardo T. Jose, Ma. Luisa T. Camagay, Evelyn A. Miranda, at Celestina P. Boncan. *Asya: Pag-usbong ng Kabihasan- Batayang Aklat*. Quezon City: Department of Education-Vibal Publishing House, Inc., 2016.

## **Modyul**

Blando, Rosemarie C., Adelina A. Sebastian, Angelo C. Espiritu, Erna C. Golveque, August M. Jamora, Regina R. Capua, Armi S. Victor, Sandra I. Balgos, Allan F. Del Rosario, at Randy R. Mariano. *Asya: Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba, Araling Panlipunan Modyul Para sa Mag-aaral*. Pasig City: Eduresources Publishing, Inc., 2014.



**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)